Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 2, BLG. 6 DAET, CAMARINES NORTE OKTUBRE, 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



Gob. Edgardo A. Tallado

## nasa loob

EDITORYAL 4
CHILDREN'S MONTH 5




# Gawad Pamana ng Lahi





*Kabilang si Gob. Egay Tallado (pang-anim l-r) sa Governor's League of the Philippines na dumalo sa ika 20th Year Anniversary ng Department of Interior and Local Government na may temang "Biyaheng Pinoy: Tapat na Palakad, Bayang Maunlad" na ginanap sa PICC, Pasay City. Tumanggap rin si Gob. Tallado kasama sina Gob. Joseph Kua ng Catanduanes at Gob. Jose Salceda ng Albay ng DOH Monitoring and Evaluation for Equity and Effectiveness (ME3) manuals mula sa Governors League.*

# CSC closing ceremony

Ang selebrasyon dito ng ika-111 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibili ng Pilipinas na may temang: *Championing R.A.C.E.: Public Service Excellence at Full Speed* ay itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng *Civil Service Commission (CSC) Camarines Norte Field Office* at *CSC Regional Office 5*. Iba't-ibang aktibidad ang isinagawa na pawang nagbigay ng motibasyon at inspirasyon sa mga opisyal at kawani ng pamahalaan para mas paghusayin ang kanilang serbisyo-publiko. Pormal na nagtapos ang 1-buwang pagdiriwang dito sa pamamagitan ng angkop na programang idinaos sa *Camarines Norte Agro-*

*(Sundan sa pahina 6)*

1




2




3



*(1) Nagbibigay ng kanyang mensahe si Atty. Daisy P. Bragais, CSC Asst. Reg'l. Director, ROV sa isinagawang closing program ng CSC Month dito sa lalawigan. (2) Samantala, tumanggap naman ang ilang kawani mula sa OPAg ng mga pagkilala sa kanilang epektibong serbisyo. (3) Iniaabot nina Ms. Lina Toledana at Atty. Sim O. Mata, Jr. kay Atty. Bragais ang plake ng pagkilala bilang Guest*

Sa ilalim ng administrasyon ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado, nakuha ng lalawigan ng Camarines Norte ang ikalawang puwesto sa 2011 Gawad Pamana ng Lahi (Provincial Category), isang patimpalak sa pagitan ng mga pamahalaang lokal na sinimulan ngayong taong 2011 ng *Department of the Interior and Local Government (DILG).* Ang gawad-parangal ay ipinagkakaloob sa mga karapatdapat na pamahalaang lokal na nakapagtala ng kahanga-hangang nagawa sa pamamahalang pang-administratibo, panlipunan, pang-ekonomiya at pangkalikasan na nakatulong sa pagkamit ng pambansang kaunlaran, at regular na pagsusulong sa *Constitutional Objective* na *"Quality Life for All".*

Tinanggap ng Camarines Norte ang plake ng parangal noong Oktubre

*(Sundan sa pahina 7)*

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Lobrin panauhing tagapagsalita sa Youth Congress

Humigit-kumulang na 100 mag-aaral mula sa pampublikong paaralang elementarya at hayskul sa ilang bayan ng lalawigan ang nagkasama-sama sa *Youth Congress* na idinaos noong Oktubre 14, 2011 sa *Little Theater*, *Provincial* Capitol, Daet. Dumalo rito ang tig-aapat na mag-aaral mula sa 12 paaralang elementarya at 13 paaralang sekondarya gayundin ang mga pangulo ng Sangguniang Kabataan (SK) *Municipal Federation* at kaukulang pinuno ng mga *Community Youth Volunteers (CYV)* sa buong lalawigan.

Ang 1-araw na okasyon ay bahagi pa rin ng selebrasyon dito ng *2011 Children's Month* na may pambansang tema na: "***Local Council for the Protection of Children*** **para sa *Bright Child*: *Pakilusin, Palakasin, Pagtulungan Natin*"**. Nagbigay rito ng mensahe si Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado na masugid na sumusuporta sa mga inisyatibo para maisulong ang karapatan ng lahat ng kabataan.

Natuto na, natawa pa ang mga kabataan sa mahusay na pagtalakay sa temang *"**The Youth Contributing to Brighter Children**"* ng panauhing tagapagsalita sa okasyon na si Michael Angelo F. Lobrin. Seryoso ang usapin ngunit nagagawang mapangiti at mapatawa ni G. Lobrin ang kanyang mga tagapakinig dahil sa kanyang likas na talino at talento sa pagsasalita, at estilo ng pagtalakay sa mga paksa at usapin na nakapagpapasigla at nakakaakit sa mga tagapakinig para pakinggan ang bawat salitang sinasambit niya. Idinadaan niya sa pagpapatawa ang pagbibigay ng mga kaalaman at pagtuturo ng mga magagandang asal sa mga kabataan lalo na ang pagmamahal sa Diyos.

Una rito, pinangunahan ni Antoinette Jamella A. Auro ang isang *creative prayer* na sinundan ng pag-awit ng Lupang Hinirang na pinangunahan ni Dolores B. Tresmonte ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)*, at pambungad na pananalita naman mula kay *OIC* Cynthia R. dela Cruz ng *PSWDO.*









Ang programa ay tinampukan ng pagtalakay ni *Ex-Officio SP Member* Gladiola Villagomez *(SK Provincial Federation)* sa paksang *SK as Members of Local Council for the Protection of Children (LCPC)*. Tinalakay naman ni *LGOO VI* Melody E. Relucio ng *Department of Interior and Local Government (DILG) Provincial Office* ang ukol sa *LCPC Functionalities*.

Isinailalim din ang mga kabataan sa isang *workshop* para sa pagbuo nila ng *Children's Statement*. Dito nila ilalagay ang kanilang nagkakai-

(Sundan sa pahina 3)

# Mga timpalak-pangkalikasan isinagawa; mga mag-aaral at guro, nakilahok

Ang Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division-Office of the Governor (EERMD-G.O.)* ay nagdaos ng mga patimpalak kaugnay sa 2011 Aral-Kalikasan *Program Information Education Communication Campaign* ng nabanggit na tanggapan na ginanap sa *Little Theater, Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC)* noong Oktubre 27, 2011.

May temang: "Kagubatan ay Buhay at Yaman, Serbisyo sa Tao Laging Maaasahan", ang mga paligsahan ay nilahukan ng mga mag-aaral mula sa 20 pampubliko at pribadong paaralang elementarya mula sa iba't-ibang bayan ng lalawigan. Ito ay kinabibilangan ng: *Chung Hua High School (CHHS); Camarines Norte State College-Abaño Laboratory School*; Claudio Villagen *Elementary School*; F. Baldovino *Elem. School*; Imelda *E/S*; Jose Panganiban *E/S*; Labo *E/S*; La Consolacion *College of* Daet; Larap *E/S*; Mercedes *E/S*; *Sunny Garden School for Kids*; Paracale *E/S*; San Vicente *E/S*; Sta. Elena *E/S*; *St. Luke Christian and Learning School*; Talisay *E/S*; Tulay na Lupa *E/S*; Vinzons *Pilot E/S*, at; Juan A. Amparo *E/S*.

Mayroon ding paligsahan na tinaguriang *Environmental Awareness Challenge for*

(Sundan sa pahina 7)

# Multi-services humataw...

(Mula sa pahina 8)

Tallado sa *caravan* ngayong Hulyo 2011 at ang bilang ng mga naging benepisyaryo nito, bata o matanda man:

| | Talobatib, Labo Okt. 7, 2011 | San Roque, Mercedes Okt. 14, 2011 | Pinya, Labo Okt. 21, 2011 | Brgy. 1, Vinzons Oktubre 28, 2011 |
|---|---|---|---|---|
| Tina | 33 | 41 | 59 | 72 |
| Hot Oil | 209 | 196 | 240 | 306 |
| Gupit | 207 | 310 | 368 | 271 |
| Lugaw ni Warden | 1,064 | 984 | 998 | 1,200 |
| Libreng *Medical Check-Up*/Gamot/Bitamina | 1,761 | 2,029 | 2,181 | 1,632 |
| Bunot ng Ngipin | 166 | 257 | 233 | 222 |
| *Free Blood Typing/Blood Sugar* | 66 | 430 | 288 | 274 |
| *Reading Glasses* | 620 | 272 | 352 | 662 |
| Pantanim na Punungkahoy | 60 | 52 | | 70 |
| Pantanim na Bungang-Kahoy *(Fruit Trees)* | 70 | 17 | 70 | 200 |
| Butong Pananim | 152 | 152 | 150 | 153 |
| *Tilapia Fingerlings* | 18 | 18 | | 16 |
| *Cooking Demo* | 73 | 13 | 69 | 67 |
| *Animal Vitamins* | 53 | 36 | 75 | 36 |
| *Animal Dispersal - Piglets* | | | | 4 |
| *Mandatory Cash Assistance* | 8 | 5 | 5 | 6 |
| *Assessment Roll* | 8 | 5 | 5 | 6 |
| *Reflexology Service* | 140 | 155 | 175 | |
| *LECTURE ORIENTATION:* | | | | |
| Katarungang Pambarangay | 150 | 43 | 29 | 42 |
| *CNPGCEAP (Scholarship Program)* | 150 | 43 | 29 | 24 |
| *Job Ref./Scholarship for OSYs/NBI Clearance* | 150 | 33 | 43 | 63 |
| *Laws on Child and Women's Protection* | 150 | 43 | 29 | 42 |
| *IEC Materials Distributed* | 302 | 195 | 179 | 195 |
| | **5,610** | **5,329** | 5,577 | **5,563** |

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Dagdag na 864 family health cards ipamamahagi ni Gob. Tallado sa mahihirap na mga mamamayan

Natanggap kamakailan ng tanggapan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang may 864 *Family Health Cards* mula sa *Philippine Health Insurance Corporation (PHIC), PhilHealth Regional Office V*. Ito ay ipamamahagi sa mga mahihirap na benepisyaryo ng *PhilHealth Sponsored Program* na ipinatutupad ng administrasyon ni Gob. Tallado sa pamamagitan ng *Provincial Sponsorship* na pinunduhan ng pamahalaang panlalawigan ng halagang P18-milyon.

Itinaguyod ito ng administrasyon ni Gob. Tallado para mabigyan ng segurong pangkalusugan ang mahihirap nating mga kababayan na hindi benepisyaryo ng *Department of Health (DOH) Sponsorship Program* dahil hindi sila nakalista sa *National Household Targeting System (NHTS) Survey* na una nang isinagawa ng *Department of Social Welfare and Development (DSWD)* sa pagtukoy sa mga kwalipikadong benepisya ng programa.

Ang 864 *Family Health Cards* ay ipamimigay sa huling hanay ng mga benepisyaryo ng *Provincial Sponsorship* kung saan 24 sa kanila ay mula sa bayan ng Basud; Daet – 126; Jose Panganiban – 84; Labo – 295, at Vinzons – 335. Pangungunahan muli ni Bise Gobernador Jonah G. Pimentel ang pamimigay nito dahil sa abalang-abala ang gobernador sa kanyang mga opisyal na tungkulin lalo na sa pagdadala ng *Provincial Multi-Services Caravan* sa pinakamalalayo mang barangay ng lalawigan tuwing araw ng Biyernes.

Matatandaan na sa pamamagitan ni Bise Gobernador Jonah G. Pimentel una nang ipinamahagi sa mga mamamayan ng 12 bayan ng lalawigan ang may 46,913 *Family Health Cards* na nahahati sa mga sumusunod: Basud-3,948; Capalonga – 1,882; Daet – 9,538; Jose Panganiban – 3,985; Labo – 7,451; Mercedes – 5,441; Paracale – 4,529; San Lorenzo Ruiz – 1,317; San Vicente – 1,229; Sta. Elena – 2,148; Talisay – 2,473, at Vinzons – 2,972.

Itinataguyod ni Gob. Tallado ang nasabing programang pangkalusugan para ang mga mahihirap na maysakit kung saan sila ay makapagpapagamot sa alinmang *health-care facility* na akreditado ng *PhilHealth* sa loob ng panahong may bisa ang kanilang *family health cards*. Naniniwala ang gobernador na ang kaunlaran at katatagan ng pamayanan ay nakasalalay sa malusog at malalakas na mamamayan nito kaya isa sa binigyang-prayoridad ng kanyang administrasyon ay ang pagseguro sa kalusugan ng kanyang mga kababayan.

Naniniwala rin si Gob. Tallado na ang kalusugan ay kayamanan kaya maliban dito, hinihikayat din niya ang bawat indibidwal na sundin at isabuhay ang mga kaalamang pangkalusugan at pangnutrisyon man na ipinaabot ng mga kinauukulang opisyal at kawani ng *Provincial Health Office (PHO)* para mapangalagaan ang kaligtasan at buhay ng sinumang mamamayan dito. Patuloy itong isinasagawa ng *PHO* sa pamamagitan ng pagsasagawa ng *information, education and communication (IEC) campaigns* sa iba't-ibang barangay ng lalawigan kagaya ng kampanya kontra sa *dengue*, tigdas, at iba pang nakamamatay na sakit. ***LT IBASCO***

# Breast Cancer Awareness Month ipinagdiwang; 'pink ribbon' campaign dito sinuportahan

Inilunsad noong Oktubre 5, 2011 ang *Breast Cancer Awareness Month* kaalinsabay sa pagtatapos ng ika-111 anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas sa pamamagitan ng angkop na programa sa *Camarines Norte Agro-Sports Center (CNASC)* na dinaluhan ng mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan, iba't-ibang pamahalaang lokal at ahensya ng pamahalaang nasyonal. Pagkapirma sa *attendance sheet*, binigyan sila ng kulay rosas na laso *(pink ribbon)* na ikinabit nila sa kaliwang bahagi ng kanilang pang-itaas bilang simbolo ng pagsuporta sa pandaigdigang pagkilos para tuldukan ang paglaganap ng *breast cancer*.

Ang pamamahagi ng mga *pink ribbons* ay pinangunahan ng *Provincial Health Office (PHO)* at ng *Soroptimist International Daet Chapter* na pinamumunuan ng kanilang pangulo na si Dr. Emma T. Soriano, Pd.D., na nakatalaga ring *Education Program Supervisor* ng *Department of Education (DepEd) Camarines Norte Division Office*.

Namigay rin sila ng *pink ribbons* sa *Youth Congress* na idinaos noong Oktubre 14 sa *Little Theater, CNASC, Provincial Capitol*, Daet. Nabigyan nila rito ng mga laso ang humigit-kumulang sa 100 kabataang mag-aaral mula sa 12 paaralang elementary at 13 hayskul kasama ang pangulo ng 12 Sangguniang Kabataan (SK) *Municipal Federations* at pinuno ng ilang *Community Youth Volunteers (CYV)* dito.

Sa iba pang gawain ng pamahalaang panlalawigan, ang *PHO* at *SICN* ay namigay rin ng mga laso sa layuning mas marami ang mahikayat na makiisa sa pagkilos para masugpo ang paglaganap ng *breast cancer*. Kasabay nito, namigay rin sila ng mga babasahin ukol sa mga napapanahong impormasyon at kaalaman ukol sa paglaban sa *breast cancer*.

Ang tema ng pandaigdigang selebrasyon ngayong taon ay: *"Together. Connect. Communicate. Conquer. For a Future Free of Breast Cancer"*. Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng pagsasama-sama, pag-uugnayan, pag-uusap at maipanalo ang laban kontra sa nakamamatay na sakit na *breast cancer*.

Sa panayam kay *Provincial Nutrition Action Officer* Mercedes M. Juan ng *PHO*, sinabi nito na importanteng madiskubre kaagad ang mga paunang sintomas ng kanser sa suso dahil katulad ng ibang uri ng kanser, ang *breast cancer* ay madaling magagamot kapag maagang nalaman at nagamot kaagad ang pasyente. Ang ilang paraan para makaiwas dito ay ang pagpapanatili ng malusog na katawan, ideyal na timbang, pagpapasuso ng mga nanay, pag-iwas sa mga alak at sigarilyo, at regular na pag-ehersisyo.

Idinagdag ni *PNAO* Juan na ang mga pangunahing aspeto na nakapagpapataas ng panganib sa *breast cancer* ay ang kasarian, edad, kakulangan ng *iodine* sa pagkain, pagkaing matataba, labis na katabaan, hindi pagpapasuso, mas mataas na antas ng *hormones* (partikular na ang *estrogen*), pag-inom ng alak, paninigarilyo, at pagkamana ng naturang sakit.

Sinabi rin ni Gg. Juan na ayon sa *World Health Organization (WHO)*, ang *breast cancer* ang isa sa limang (5) pangunahing sanhi ng *cancer-related deaths worldwide* noong 2008, at tinataya nito na mula sa halos 7.6 milyong namatay, 460,000 ay sanhi ng *breast cancer*. Ipinahayag niya na base sa mga pag-aaral, 1% lamang ng mga kalalakihan ang may tsansang magkaroon ng naturang kanser.

Kaugnay nito, masugid na sinusuportahan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang kampanya para mailigtas ang mga kababaehan mula sa panganib ng kanser sa suso at kaisa niya rito ang kanyang butihing maybahay na si Gng. Josie Baning-Tallado. Hinimok nila ang lahat ng kababaehan na maging maingat at mapagbantay sa kanilang kalusugan sapagkat walang pinipili ang sakit na *breast cancer* at sinuman ay maaaring dapuan nito. ***LT IBASCO***

## Lobrin panauhing ...

***(Mula sa pahina 2)***

sang pananaw at panawagan bilang mga kabataan ng Camarines Norte - ang kanilang mga mithiin at kahilingan para lubos namatamasa ang kanilang mga karapatan at mga benepisyo.

Pinangasiwaan ni *Asst. Provincial Planning and Development Coordinator* Elena B. Austria ng *Provincial Planning and Devt. Office (PPDO)* ang naturang gawain. Siya rin ang nagsaayos ng dokumento na babasahin ng mga kabataan sa *Child-Friendly Movement (CFM) Assembly*, *Presentation of the State of Camarines Norte Children* at *Awarding Ceremony for 2011 Child-Friendly Barangay* sa Oktubre 25, 2011.

Bilang karagdagan, ang panauhing tagapagsalita na si G. Lobrin ay kilala sa pagiging likas na masayahin lalo na sa kanyang mga pananaw, ideya at opinyon na nakapagbibigay-inspirasyon sa sinumang nakarinig o nakaririnig sa kanyang mga mensahe. Siya ay pumasok sa San Carlos *Seminary* sa Guadalupe, Makati noong 1999 upang matupad ang munting pangarap niya noon na maging isang pari. Nakuha niya ang *Bachelor of Arts-Major in Classical Philosophy degree* kung saan tumanggap siya ng *Magna Cum Laude award* dahil sa kanyang *comprehensive examination* at *thesis writing* noong 2004. Sa katulad na taon, ipinagpatuloy niya ang *proper theological studies* sa nasabi ring institusyon.

Simula taong 2000, si Lobrin ay naging *Youth Minister* ng *Archdiocese of Manila* kung saan nagsagawa siya ng mga *conferences, retreats, recollections* at *team-building seminars* para sa grupo ng mga kabataan. Siya rin ay tagapangaral *(preacher)* sa radyo at telebisyon kasama si *Bro.* Bo Sanchez ng *Light of Jesus Community*.

Si Lobrin din ay naging *full-time professor* ng *theology* sa *St. Paul's University* sa Manila at *Manila Doctors College*; *part-time professor* ng *theology* sa *De La Salle University* at propesor ng *Philosophy* sa *Entrepreneur School of Asia*. Sa kasalukuyan, nagsisilbi siyang *adviser for religious affairs* sa ilang *national* at *local politicians* habang patuloy siyang nagsasagawa ng mga talumpati, *recollections* at *retreats* sa halos lahat ng sektor ng pamayanan – bata ó matanda man, mahirap ó mayaman, propesyonal man ó hindi. ***LT IBASCO***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

Be Safe. Don't give your name and address through the Internet.

# EDITORYAL

## Children's Month at LCPC, ano ito?

Lubos na kinikilala ng administrasyon ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado na ang mga kabataan ang pinakamahalagang yaman ng bansa gayundin ang malaking papel nila sa pagbuo ng matatag at maunlad na bansa.

Kaya ngayong taon, pinangunahang muli ng pamahalaang panlalawigan ang selebrasyon dito ng ***Children's Month*** alinsunod sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2011-29 na ipinalabas ni Gob. Tallado na kinapalooban ng mga programa at gawain na nakatuon sa pambansang tema ng okasyon na: ***"Local Council for the Protection of Children (LCPC) Para sa Bright Child: Pakilusin, Palakasin, Pagtulungan Natin".***

Ito ay bilang pagtalima sa **Presidential Proclamation No. 267** may petsang Setyembre 30, 1993 na nagdedeklara sa buwan ng Oktubre ng bawat taon bilang ***National Children's Month*** susog sa naunang pagdeklara ng *United Nations* sa buwan ng Oktubre bilang ***Universal Children's Month***.

Taun-taong nakikiisa ang Pilipinas sa pandaigdigang selebrasyon susog sa itinatakda ng *Section 13, Article II (Declaration of Principles and State Policies)* ng *1987 Constitution na nagsasaad na*: *"The State recognizes the vital role of the youth in nation-building and shall promote and protect their physical, moral, spiritual, intellectual, and social well-being. It shall inculcate in the youth, patriotism and nationalism, and encourage their involvement in public and civic affairs."*

Ang tema ngayong taon ay isang panawagan sa lahat ng sektor ng pamayanan lalo na sa mga pamahalaang lokal na makiisa at tumulong para mapakilos at mapalakas ang mga *LCPCs* na nagtataguyod sa mga lehitimong karapatan ng mga kabataan at para sa pagtatatag ang isang *child-friendly community*.

Kasabay ng pagtataguyod sa karapatan ng mga kabataan, ipinauunawa rin sa kanila ang mga responsibilidad na kaakibat ng bawat pribilehiyong ipinagkakaloob sa kanila. Ang mabigyan nang maayos na edukasyon ay isa sa mga karapatan nila ngunit tungkulin nila ang magpunyagi sa pag-aaral. Karapatan din nila na magkaroon nang malusog na pangangatawan; mabigyan ng proteksyon laban sa lahat ng uri ng karahasan, pang-aabuso at eksploytasyon; makapagpahayag ng sariling pananaw at opinyon; maliban sa iba pa.

Upang maging tunay na pag-asa ng bayan ang mga kabataan gaya ng sinabi ng ating pambansang bayaning si Gat Jose P. Rizal kailangang gabayan at suportahan natin sila. Tulungan natin sila na mapaunlad at magamit nang wasto ang kanilang talino, talento, kakayahan at potensyal. Higit sa lahat, turuan sila ng magandang asal at tamang gawi lalo na ang pagrespeto sa mga magulang at sa kapwa, matanda ó bata man. Itimo natin sa kanilang puso at isipan ang pagmamahal sa Diyos at sa bansa.

Sa pagkakataong ito, marapat lang na tayo'y magkaisang pakilusin, tulungang palakasin ang lahat ng ating mga *LCPCs* sa munisipyo at kanayunan man sapagka't sila ang unang dulugan at makapagbibigay-proteksyon sa ating mga kabataan.



# CNPGCEAP grantees sa CNSC Entienza Campus nag-alay ng tula, atbp. kay Gob. Tallado na tinawag nilang 'Ama ng kabataan para sa Kaunlaran'

Hindi nasayang ang mga pagpupunyagi ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado sa pagsusulong ng katangi-tanging mga inisyatibo at programang pang-edukasyon para sa mga mahihirap ngunit karapat-dapat na kabataang nais makapagtapos ng kolehiyo.

Kamakailan lamang, ang butihing gobernador ay tinaguriang ***"Ama ng Kabataan para sa Kaunlaran"*** ng samahan ng mga iskolar ng *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program ó CNPGCEAP* at ng *Camarines Norte State College (CNSC)-Ret. Judge* Antonio C. Entienza Campus na nasa Brgy. Tabugon, Sta. Elena. Nakasaad ito sa *certificate of commendation* na iginawad nila kay Gob. Tallado.

Binigyang-pagkilala nila ang dedikasyon ng gobernador na mapaunlad ang kakayahan at talino ng mga kabataan, at pagtataguyod ng edukasyon sa pamamagitan ng mga *scholarship programs* gaya ng *CNPGCEAP* para sa mga nais pumasok sa kolehiyo at ang *Educational Program for Deserving Out-of-School Youth (EPDOSY)* para sa mga gustong kumuha ng kursong bokasyonal. Iba pa rito ang patuloy niyang personal na ***scholarship program*** na sarili niyang pinupondohan.

Ang mga diploma ng pagtatapos na makukuha ng mga kabataan ang pamanang iiwan niya sa mga mamamayan ng Camarines Norte na hindi hindi mananakaw

(Sundan sa pahina 6)





*Ang distribution of allowances & tuition fee reimbursement sa mga CN PGCEAP grantees sa CNSC Entienza Campus, Sta. Elena na pinangasiwaan ni Ms. Purita P. Briñas, CAO IV at Marcial P. Ferrer, Admin. Asst. II ng Community Affairs Office.*

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/design.

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.—Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

*Children's Month Celebration*

# CFM Assembly/CN State of Children Report/Awarding of CFB Winners

***"Umaabot po sa P347.49 Million o 48.83% ng kabuuang badyet bilang suportang pinansiyal ang inilaan ng Pamahalaang Panlalawigan para sa mga serbisyong pangkalusugan, programang pang-edukasyon, social welfare projects at iba pa para sa kapakanan ng mga kabataan dito sa lalawigan"***. Bahagi ito ng ulat ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado na inihatid ng kanyang kinatawan na si Exec. Asst. IV/OIC *Provincial Administrator* Jose G. Boma. Ito ay sa loob ng programa ng *Child-Friendly Movement (CFM) Assembly*, *Presentation of the State of Camarines Norte Children* at *Awarding Ceremony for 2011 Child-Friendly Barangay* na isinagawa noong Oktubre 25, 2011 sa *Little Theater, Camarines Agro Sports Center*, Daet, Camarines Norte.

Nakasaad din sa ulat na patuloy na sinisikap ng kasalukuyang administrasyon na matugunan at masuportahan ang mga kabataan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga programa at proyektong akma sa kanilang pangangailangan tulad ng paglalagay ni Gob. Tallado ng dagdag na pondo para sa mga iskolar sa kolehiyo na ngayon ay P10 Milyon. May mga ilang isyu pa rin aniya at kakulangan na kailangang mabigyan ng tamang aksyon at direksyon na nakasentro sa pagpapatibay at pagpapalakas ng mga gawaing nasimulan at naisagawa na. Dahil dito, nananawagan si Gob. Tallado sa patuloy na kooperasyon ng mga katuwang na tanggapang pampribado at pampubliko, lokal at nasyonal man upang mas marami pang buhay ng mga bata ang mailigtas, mas maraming kabataan ang makapasok sa paaralan, at aktibong nakalalahok sa mga gawain at proyekto sa pamayanan.

Sa mensahe ni Ms. Angela Travis, *Chief, Communication Section, United Nations Children's Fund (UNICEF)* na panauhing tagapagsalita sa okasyon, binati niya ang lalawigan ng Camarines Norte sa napakaganda at komprehensibong *State of the Children Report*. Ayon sa kanya, ang Camarines Norte ay isa sa mga lalawigan sa bansa na maganda ang resulta ng implementasyon ng *Child-Friendly Movement (CFM)*. Pahapyaw din niyang binanggit ang kalagayan ng Pilipinas batay sa mga *indicators* tulad ng datos na 84% ng mga kabataan ang pumapasok sa elementarya

(Sundan sa pahina 7)

***Tinananggap ng pamunuan ng Brgy. V, Daet ang dummy check na nagkakahalagang P100,000.00 ng tinanghal itong na 2011 Best Child Friendly Barangay na mula sa UNICEF Communication Chief Angela Travis, PA Joey Boma at Ms. Sonia F. Pimenetel ang kinatawan ni VG Jonah G. Pimentel.***






***Ipinaabot naman ni Ms. Angela Travis Communication Chief ng UNICEF ang kanyang mensahe sa mga dumalo sa ginanap na CFM Assembly. At tinanghal namang 2nd place ang Brgy Guinatungan, Basud at Brgy. Cayucyucan, Mercedes 3rd Place sa 2011 Search for Child Friendly Barangay.***





# Mam Josie Tallado nanguna sa paglulunsad ng Dikit Paalala campaign

Ang Dikit-Paalala na bahagi ng selebrasyon dito ng *2011 National Children's Month* na may temang: "*LCPC* para sa *BRIGHT CHILD*: Pakilusin, Palakasin, Pagtulungan Natin" ay inilunsad noong Okt. 4, 2011, ika-4 n.h. sa *Main Lobby*, *Provincal Capitol*, *Daet*. Itinaguyod ito ni Gob. Tallado sa pamamagitan ng *Provl. So cial Welfare and Devt. Office (PSWDO)*, *Provl. Technical Working Group (PTWG)*, *Philippine Information Agency (PIA)* at *Philippine National Police (PNP)*.

Nagbigay ng mensahe sa okasyon si Gng. Josie Baning-Tallado, butihing maybahay ni Gob. Edgardo A. Tallado. Masugid na sinusuportahan ni Mam Josie ang mga programa at proyektong nagproprotekta sa mga kabataan mula sa iba't-ibang uri ng karahasan at pang-aabusong pisikal, emosyonal at sikolohikal man. Ito ay dahil sa batid niya na mahina at walang kakayahan ang mga kabataan para pangalagaan ang kanilang sarili mula sa mga mapang-abuso at mapagsamantala.

Dahil dito, sa halip na maging abala sa kanyang pribadong buhay, mas pinipili ni Mam Josie na tulungan ang gobernador sa paglilingkod sa taumbayan lalo na ang mga kabataan na malapit sa kanyang puso. Nakikiisa rin siya sa mga pagkilos para siguruhin na natatamasa ng mga kabataan ng lalawigan ang kanilang mga karapatan, benepisyo at pribilehiyo.

Tinalakay naman ni SP Kagawad Teresita DL. Malubay ang *Provincial Ordinance 71-2010 - Children's Rights and Welfare Code of the Province of Camarines Norte and Providing Penalties for Violations Thereof*. Binigyangdiin niya rito ang *Art. 4, Sec. 1 (d)* ng ordinansa na nag-aatas sa lahat ng mga *hotels*, *sauna baths*, *inns*, *motels*, *night clubs*, *videoke bars*, *beer gardens* at mga katulad na establisimyento na magpaskil ng mga babala at impormasyon gaya ng *"OFF LIMITS*

(Sundan sa pahina 6)



***Ang aktwal na pgdidikit ng mga dikit paalala materials na pinangunahan ni Mam Josie Tallado katuwang si DOLE CN Dir Roaminillos sa isang bar dito sa Daet. At ang programng naglunsad sa Dikit Paalala Campaign kung saan nagbigay ng mensahe si Mam Josie sa mga katuwang na ahensiya at mga kawani ng pamahalaang panlalawigan.***



PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# CSC closing...

(Mula sa pahina 1)

*Sports and Cultural Center (CNASCC), Provincial Capitol, Daet* noong Oktubre 5, 2011 sa ganap na ika-1:30 n.h.

Naging panauhing pandangal at tagapagsalita sa okasyon si *Atty.* Daisy P. Bragais, *Assistant Regional Director, CSC RO5.* Sa kanyang mensahe, inihalintulad niya ang serbisyo ng mga opisyal at kawani ng pamahalaan sa mga bombilya kung saan ang iba ay nagbibigay ng buong liwanag, ang ilan ay patay-sindi, samantalang ang iba pa ay aandap-andap. Kaugnay nito, hinikayat niya ang lahat na pag-alabin ang interes at dedikasyon para magkaroon ng katuparan ang tema ng selebrasyon ngayong taon. Binigyang-diin din ni *ARD* Bragais na bawat serbisyo sibil ay mahala-ga at may papel na ginagampanan sa paghubog ng ating bansa at sa pagkamit natin ng pangsosyo-ekonomikong kaunlaran.

Pagkatapos, si *ARD* Bragais ay ginawaran ng pamahalaang panlalawigan ng plake ng pagkilala bilang pasasalamat sa pagbabahagi nito ng kanyang mahalagang oras at karanasan bilang panauhing pandangal at tagapagsalita sa okasyon. Binigyan din ng gawad-pagkilala ang *Provincial Assessor's Office (PAssO)* dahil sa regular nitong pagsasagawa ng *General Revision of Real Property* tuwing ikatatlong taon.

Sinundan ito ng pamamahagi ng mga kaukulang sertipiko, tropeyo at gantimpalang salapi sa mga koponang nanalo sa *2011 Inter-Agency Sports Fest* sa pangunguna nina *ARD* Bragais, *Provincial Treasurer* Lorna S. Coreses at *Provincial Sports Coordinator* Ronald R. Haspela. Kabilang dito ang paggawad ng insentibong salapi para sa limang retiradong kawani ng pamahalaang panlalawigan. Ang 73 opisyal at kawani mula sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan na nakapagbigay ng 25-30 taong tuluy-tuloy na serbisyo ay binigyan din ng insentibo bilang pagkilala sa kanilang dedikasyon at katapatan sa serbisyo-publiko.

Nagbigay ng maikling mensahe si *Atty.* Mata Jr. na nagpahayag na ang mga opisyal at kawani ng pamahalaan ay kailangang maging masipag, mahusay, at magalang sa paglilingkod sa publiko. Hinamon din niya ang bawat isa na simulan ang positibong pagbabago at makibahagi sa pagsusulong ng kaayusan at kaunlaran ng lalawigan.

Opisyal na nagtapos ang 1-buwang selebrasyon dito sa pamamagitan ng pangwakas na pananalita ni *Museum Curator I* Abel C. Icatlo na ipinaabot ang taus-pusong pasasalamat ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado at ng pamahalaang panlalawigan sa lahat na nagbigay ng kanilang aktibong suporta at partisipasyon na naging daan sa matagumpay na taunang okasyon.

Samantala, matatandaan na noon pang Agosto 1, 2011, ipinalabas na ni Gob. Tallado ang kautusang Tagapagpaganap Blg. 2011-25 na nag-aproba at nagpahintulot sa selebrasyon ng naturang mahalagang gawain ngayong taon simula Set. 5-Okt. 5. Nakapaloob din dito ang iba't-ibang komitiba na binuo para mangasiwa at tumiyak sa matagumpay na pagdaraos ng mga angkop na aktibidad sa selebrasyon ng ika-111 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas. ***LT IBASCO***









***Ang mga nagretirong mga kawani ng pamahalaang panlalawigan na binigyang parangal sa CSC month Closing Ceremony ito ay sina Dra. Myrna Macalincag, PHO, Fe B. Majadas at Felipe Abustan ng GSO at Delfina Martinez ng Provincial Assessor's Office. Pinangunahan ni Atty Daisy Bragais ang pamamahagi katuwang sina Atty Sim. Mata, Jr.-Legal Officer, Maribeth R. Malaluan-Budget Officer, Lorna Coreses, Prov'l. Treasurer at Magdalena Toeldana-PHRM Officer.***

# Mam Josie Baning-Tallado ...

(Mula sa pahina 5)

*TO CHILDREN"* ó *"CHILD-REN NOT ALLOWED"* upang mahadlangan na ang mga kabataan ay maging biktima ng trapi-king, at anumang uri ng pang-aabuso at pagsasa-mantala. Ang hindi awto-risado ó walang pahintulot na pagtatanggal ng paskil ay may parusang *prision correccional* alinsunod sa *Sec. 11, Art. VII* ng *RA 7610 - An Act Providing For Stronger Deterrence And Special Protection Against Child Abuse, Exploitation And Discrimination, Providing Penalties For Its Violation, And For Other Purposes.*

Samantala, inanyayahan at dumalo sa naturang paglulunsad ang mga may-ari at/ó tagapamahala ng mga *videoke bars, beer gardens, night clubs* at mga kahalintulad na establisimyento sa lalawigan, sa layuning malaman nila ang kanilang mga responsibilidad gayundin ang mga kaso at parusang kakaharapin nila sa paglabag sa mga kaukulang batas.

Matatandaang una rito ó noong Setyembre 29 ay dumalo sila sa *Orientation-Seminar on Labor Relations Laws and Standards, Provincial Ordinance No. 71 -2010 (An Ordinance Revising the Children's Rights and Welfare Code of the Province of Camarines Norte)* at *Republic Act 9231 (An Act Providing for the Elimination of the Worst Forms of Child Labor and Affording Stronger Protection for the Working Child, Amending for this Purpose Republic Act No. 7610, as amended, otherwise known as the "Special Protection of Children against Child Abuse, Exploitation and Discrimination Act).*

Isinagawa ang naturang gawain sa *Department of Labor and Employment (DOLE) Office*-Daet sa pangunguna ni *DOLE Provincial Field Officer* Ruben L. Romanillos sa pakikipagtulungan ni *OIC* Cynthia R. dela Cruz ng *PSWDO.* Naging tagapagsalita rito si *Community Affairs Officer IV* Purita P. Briñas ng *CAO-G.O.* na tinalakay ang *Salient Features of R.As. 9208 (Anti-Trafficking in Persons Act at 9231 (Child Labor Law)* at ang *Provisions in the Protection of the Rights of the Children under Art. IV of Provincial Ordinance No. 71-2010.* ***LT IBASCO***

# CNPGCEAP grantees ...

(Mula sa pahina 4)

ninuman. Si Gob. Tallado rin ay inalayan ng tulang may pamagat na ***"Ikaw ang Aming Bayani"*** na sinulat ng iskolar ng *CNPGCEAP* na si Edward Tapar na nag-aaral sa Entienza *Campus.*

Bilang karagdagan, matatandaan na nang maupo si Gob. Tallado noong Marso 2010, mula sa P2.5 milyon ay ginawa niyang P5-milyon ang pondo para sa noo'y *Provincial Government Scholarship Program (PGSP).* Nang manalo siya sa *2010 elections* ay dinoble niya ang pondo ng PGSP at ginawang P10-milyon bilang pagtupad sa kanyang pangako.

Ngayong 2011, inaprobahan niya ang *Provincial Ordinance No. 14-2011* ng Sangguniang Panlalawigan na nagbago sa pangalan ng *PGSP* bilang *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP).* Sa ilalim ng ordinansa, ang *average grade* na 85% na dating hinihingi sa ilalim ng *PGSP* ay ibinaba sa 83% para mas maraming kabataan ang makapag-aplay sa *CNPGCEAP.* Ngunit kapag nakapasok na sila sa *CNPGCEAP,* kailangang panatilihin nila ang gradong 85% at pataas kung ang kurso nila ay kahalintulad ng *BS Accountancy* at *BS Education,* at *average grade* na 80% para sa mga kumukuha ng *engineering courses.* Tinatanggap na rin sa programa ang mga nasa ikalawa, ikatlo at nasa huling taon sa kolehiyo na nanganganib na di makapagpatuloy at/ó makapagtapos dahil sa kawalan ng panustos sa pag-aaral.

Ang mga nabanggit ay ilan lamang sa mga pagbabago sa programang pang-edukasyon na ipinatupad ng administrasyon ni Gob. Tallado. Ito ay sa layuning magkaroon ng katuparan ang kanyang mithin na bawat mahirap na pamilya sa lalawigan ay makapagpatapos ng isang anak sa kolehiyo. ***LT IBASCO***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

## CFM Assembly ...

*(Mula sa pahina 5)*

at 87% ang mga batang nabigyan ng kumpletong bakuna. Aniya, ang 16% na kulang sa pumapasok sa elementarya at 13% na walang bakuna, at iba pa ay mapupunan sa susunod na mga programang ipatutupad ng *UNICEF*.

Tampok din sa okasyon ang mensahe ng mga kabataan ng Camarines Norte na ipinaabot ng kanilang mga kinatawan na sina: Veronica Yvonne Gadil ng *Vinzons Pilot Elementary School (VPES)*, Glenn Paolo Morales ng *Daet Elementary School (DES)*, Mhel Jane Bacurin ng *Vinzons Pilot High School (VPHS)* at Marjorie Maderazo ng *Cams. Norte State College Laboratory High School (CNSC LHS)*.

Tinalakay naman ni Ms. Ma. Cecilia V. Del Puerto, *Local Government Operations Office V (LGOO V)* ng *Department of the Interior and Local Government (DILG)* ang paksang *Mobilizing, Strengthening and Working Together for the Local Council for the Protection of Children (LCPC)*. Binigyang-diin niya na aktibo ang mga *LCPCs* dito, at ang patunay rito ay ang isinasagawang taunang *Search For Childr-Friendly Barangay* kung saan kasama sa pamantayan ang pagtaya sa mga nagawa ng *LCPCs*.

Sa *awarding ceremony* ng 2011 *Child-Friendly Barangay*, ang Barangay V ng bayan ng Daet ang tinanghal na *Best Child-Friendly Barangay* at binigyan ng gantimpalang salapi na P100,000. Pumangalawa ang Barangay Guinatungan, Basud na binigyan ng P50,000.00 premyo; pangatlo - Barangay Cayucyucan, Mercedes, P30,000.00; pang-apat - Barangay Canapawan, Labo, P20,000.00; at panlima - Barangay Pag-Asa, Jose Panganiban – P10,000.00. Sila rin ay pawang pinagkaloobean ng *Plaque of Commendation.*

Samantala, binigyan naman ng tig-P5,000.00 gantimpalang salapi at *certificate of recognition* ang Barangay III, Vinzons; Barangay San Ramon, San Lorenzo Ruiz, at; Barangay Kabuluan, Sta. Elena na nakuha ang ika-anim, ika-pito at ika-walong puwesto, ayon sa pagkakasunod.

Pinagkaloban naman ng kaukulang *Special Citation* at premyong tig-P3,000.00 ang mga sumusunod: Barangay Canapawan, Labo bilang *LGU-LGOO Partnership for the Promotion of Cooperation for Economic Development*; Barangay Pag-Asa, Jose Panganiban bilang *Espousing the Principles of Katarungang Pambarangay in Handling Children*; Barangay III, Vinzons para sa *Valued Quality Family Practices in the Community*; Barangay San Ramon, SLR para sa *Institutionalized Resource Generation Strategies*; at Barangay Kabuluan, Sta. Elena para sa *Innovative Protective and Peace Programs.*

Binigyan naman ng *certificate of appreciation* ang lahat ng munisipyo na aktibong sumuporta at nakiisa sa kampanyang "Iligtas sa Tigdas ang 'Pinas" na nagresulta sa 95% *accomplishment* ng Camarines Norte.

Ang may 3-bahaging programa ay nagsimula sa ganap na ika-8:00 ng umaga kung saan nagbigay ng *opening* at *welcome remarks* si Ms. Sonia F. Pimentel na kumatawan kay Bise Gobernador Jonah G. Pimentel na nasa opisyal na lakad sa Maynila sa katulad na araw. Pormal na nagtapos ang 1-araw na okasyon sa pamamagitan ng *closing remarks* na ibinigay ni *Provincial Director* Robin M. Mercado ng *DILG Provincial Office.*

Sa kabuuan, naging matagumpay ang programa kung saan ang *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* na pinamumunuan ni *Arch.* Madonna A. Abular, *Provincial Planning and Development Coordinator (PPDC)*, ang naging pangkalahatang punong abala sa mga paghahanda para sa okasyong ito na itinaguyod ng administrasyon ni Gob. Tallado.

Inaasahan na mas ibayong sipag at determinasyon ang gagawin ng mga opisyales ng sumaling mga barangay sa patimpalak na ito upang tumaas ang antas ng kanilang partisipasyon para mas lumaki ang tsansa nilang manalo at makatanggap ng malaking premyo sa patimpalak sa susunod na taon. **MARILYN P. ASIS**

## Tiangge sa FishCon ...

*(Mula sa pahina 8)*

*Fisherfolk Council of Leaders, Provincial Agricultural and Fishery Council (PAFC)* at sa *Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR)* na nagsusulong sa pangangalaga at pagpapaunlad sa mga katubigan at mga yamang-dagat ng lalawigan.

Nagsimula ang selebrasyon dito noong Oktubre 17 sa pamamagitan ng seremonya sa pagpupugay sa watawat sa ganap na ika-8 n.u. at angkop na programa na idinaos sa harapan ng Kapitolyo Probinsyal. Kasunod nito, pinangunahan ni Gob. Tallado ang paglalagay ng mga semilya ng isda sa Daet River at sa Mampurog River, San Lorenzo Ruiz na mga *communal bodies of water*. Nakatuwang dito ng gobernador ang ilang *BFAR-PFO Staff.*

Si Gob. Tallado rin ang nanguna sa seremonyal na paggupit ng laso na naghudyat sa pormal na pagbubukas sa publiko ng Tiangge sa *FISHCON 2011* na nasa *Inner Court Yard (ICY), Provincial Capitol Annex*. Sa kanyang mensahe, binigyang-diin ng gobernador na ang pangangalaga sa mga katubigan ng lalawigan ay hindi lamang responsibilidad ng mga mangingisda na direktang nakikinabang sa mga likas-yamang taglay nito kundi ang lahat ng mga mamamayan man.

Sinabi rin ni Gob. Tallado na pinaiigting niya ang kampanya kontra sa iligal na mga paraan ng pangingisda gaya ng paggamit ng buli-buli na humuhuli maging pinakamaliliit na isda kaya hindi na nakapagpaparami pa. Sa paggamit ng mga dinamita at iba pang kauri nito, nasisira ang likas na tirahan ng mga isda at nalalason ang mga katubigan na nagiging sanhi ng ***fish kill*** ó maramihang pagkamatay ng mga isda. Dahil dito, hinimok ni Gob. Tallado ang lahat na itigil na ang pang-aabuso sa mga yamang-tubig para habambuhay nating matamasa ang mga likasyamang taglay nito.

Nagbigay rin ng kanikaniyang mensahe sina Bokal Romeo R. Marmol, *Acting Provincial Agriculturist* Francia C. Pajares at *PFCL Chair* Roy A. Ladea.

Isinahimpapawid naman ng Radyo ng Bayan ang *FARMC on the Air 2011* na pinangasiwaan ng *PFCL* at kaukulang tagapamuno ng *Municipal Fishery and Aquaculture Resource Management Council (MFARMC)* ng 9 *coastal municipalities* kagaya ng Basud, Capalonga, Daet, Jose Panganiban, Mercedes, Paracale, Sta. Elena, Talisay at Vinzons. Isinagawa naman sa ika-2 n.h. sa *IYC* ang *lecture demo* sa pagluluto ng relyenong bangus kung saan naging tagapagturo si Ms. Cleotilde B. David.

Itinaguyod ng *BFAR-PFO Staff*, Mercedes ang *Lecture-Demo on Fish Chips and Fish Doughnut* noong Okt. 18 sa *IYC* na idinaos sa ganap na ika-8 n.u. Pinamahalaan naman ng ilang *RFTC Staff, Tabaco City* ang *lecture-demo on fish siomai and fish* nuggets na isinagawa sa ika-2 n.h.

Sa 1-araw na pagsasanay sa *Upgrading of Skills of Deputized Fish Wardens (DFWs) and Fishery Law Enforcers on Search, Arrest, Seizure and Handling of Evidences* noong Okt. 19 sa *3rd Floor Annex, Audio-Visual Room (AVR), Provincial Capitol*, naging panauhing tagapagsalita si *Atty.* Demosthenis R. Escoto, *Legal Division, BFAR Central Office*. Pinangasiwaan naman nina Gng. Melinda L. Jerez at Gng. Adelina T. Buitre ng *Fishery Development Division-Office of the Provincial Agriculturist (FDD-OPAg)* ang *lecture demo on fish lumpia* sa *IYC* sa ganap na ika-2 n.h.

Nagkaroon din ng 1-araw na *Orientation on Philippine National Standards for Organic Aquaculture* sa *AVR* noong Okt. 20 kung saan naging tagapagtalakay si Gng. Jesusa A. Legaspi, *Aquaculture Division, BFAR Central Office*.

Sa ika-4 n.h., idinaos naman sa *IYC* ang pamamahagi ng katibayan ng paglahok sa mga indibidwal at grupo na sumali sa 'Tiangge' gayundin ang katibayan ng pasasalamat sa mga naging panauhing tagapagsalita. Tinampukan din ito ng pangwakas na programa na pinangasiwaan ng *FDD-OPAg* na pinamumunuan ni *Supervising Agriculturist* Edgardo S. Estanislao katuwang ang mga *senior aquaculturists* na sina Jess P. Yarte at Danilo T. Guevarra at ang kanilang buong dibisyon. **LT IBASCO**

## Mga timpalak-pangkalikasan ...

*(Mula sa pahina 2)*

*Teachers (E-ACT)* na nilahukan ng mga gurong tagapagsanay *(coaches)* na mula rin sa mga nabanggit na paaralan sa itaas at iba pang guro na dumalo sa idinaos na mga paligsahan.

Ang nagwagi ng unang gantimpala sa bawat patimpalak ay tumanggap ng gantimpalang P3,000.00 at gintong medalya; ikalawang puwesto – P2,000.00 at medalyang pilak, at; ikatlong puwesto – P1,000.00 at bronseng medalya. Sila rin ay pawang pinagkalooban ng katibayan ng paglahok at tropeyo para sa paaralang kinatawan nila maliban sa mga nanalo sa *E-ACT* na gantimpalang salapi at sertipiko lamang ng paglahok ang ibinigay sa nakakuha ng una, ikalawa at ikatlong puwesto.

Ang mga nagwagi ay ang mga sumusunod: *Environmental Science Quiz: 1st Place*- Glen Paolo B. Morales, *Daet Elem. School*; *2nd Place* - Dion Cristino C. Ormillo, Talisay *E/S*, at; *3rd Place* - Jaymar Luise C. Aquino, *St. Luke Christian & Learning School*; *Oratorical Contest*: *1st Place*- Veronica Yvonne B. Gadil, *Vinzons Pilot E/S*; *2nd Place* - Vincent Deogracias P. Fulo, Mercedes *E/S*, at; *3rd Place* - Mary Liezl Deauna, *Labo E/S*, at; *E-ACT*: *1st-2nd Place*: Susan J. Maigue, Sta. Elena *E/S* at Myla Grace N. Raro, Paracale *E/S*, at; *3rd Place* - Carl Benson G. Carreon, *St. Luke Christian & Learning School*. Ang pinakamataas na iskor ay nakuha nina Maigue at Raro na pinaghatian ang premyo para sa una at ikalawang puwesto.

Tumayo bilang mga *quiz masters* sina Donna A. Guevarra ng *Provincial Legal Office* at Ludovico A. Moya Jr. ng *Library Services Division (LSD)-Office of the Governor*. Naging mga hurado sa *oratorical contest* sina *Community Affairs Officer IV* Purita P. Briñas ng *Community Affairs Office (CAO)*; *Information Manager* Rosalita B. Manlangit, *Philippine Information Agency (PIA)*, at *Museum Curator I* Abel C. Icatlo ng *Museum Archives and Shrine Curation Division(MASCD)-G.O.* ***(GCB)***

## Gawad Pamana...

*(Mula sa pahina 1)*

7, 2011 sa selebrasyon ng ika-20 taong anibersaryo ng *Local Government Code of 1991* na idinaos sa *DILG Training Center*, Legazpi City.

Ang ginamit na pamantayan sa pagpili ng nanalo ay ang: *Seal of Good Housekeeping* na may timbang na 10%; *Local Government Performance Management System Overall Performance Index (LGPMS OPI)* na may bigat na 80%; katangi-tanging pagbabago ó inobasyon - 5%, at mga parangal ó pagkilala na natanggap ng lalawigan sa nakalipas na taon - 5% na umaabot sa 100%.

Sa pamamagitan nito, nais ng *DILG* na ipaalaala sa mga pinuno ng mga pamahalaang lokal ang kanilang responsibilidad bilang mga kaalyado ng pamahalaang nasyonal sa pag-aahon sa mga mamamayan mula sa kahirapan at pagtiyak na ang mga programa ay mahusay na naipatutupad. **LT IBASCO**

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Tiangge sa FishCon, iba pa,

## isinagawa sa 48th Fish Conservation Week dito;

### paglagay ng semilya ng isda sa ilog ng Daet at Mampurog pinangunahan ni Gob. Tallado

Ang *48th Fish Conservation Week* simula Oktubre 16-22, 2011 na may temang: ***"Karagatan Pagyamanin, Isda Paramihin, Buong Mundo Pasiglahin"*** ay itinaguyod na muli ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa ilalim ng administrasyon ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado. Bilang suporta nito sa *Provincial*

***(Sundan sa pahina 7)***

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte
TAON 2, BLG. 6 DAET, CAMARINES NORTE OKTUBRE, 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



# Multi-services Caravan

## humataw sa ilang barangay sa bayan ng Labo

Masugid na pinaglilingkuran ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang kanyang mga kababayan sa pamamagitan ng "Aprub ka Egay, Serbisyo Publikong Tunay *Provincial Multi-Services Caravan*". Pinangungunahan niya rito ang paghahatid ng iba't-ibang serbisyo sa publiko mula sa kanilang pangangailangang pang-nutrisyon, pangkalusugan at pangkabuhayan gaya ng agrikultura at pangisdaan, gayundin ang oportunidad na makapagtrabaho sa loob ó labas man ng bansa base sa kanilang kwalipikasyon, programang pang-edukasyon, at marami pang iba.

Nakakatulong niya rito si *Provincial Legal Officer Atty.* Sim O. Mata, Jr. na tumatayong *caravan project director* gayundin si Bise Gob. Jonah G. Pimentel, ilang bokal ng Sangguniang Panlalawigan, at hepe ng mga panlalawigang tanggapan. Sumasama rin sa *caravan* ang ilang kawani ng *PhilHealth* at *Social Security System (SSS)* para maghatid ng kanilang serbisyo sa madla.

Maliban sa pangangalaga sa seguridad ng mga kalahok sa *caravan*, ang hanay ng *Philippine Army (PA)* ay patuloy ring tumutulong sa pagbibigay ng libreng bunot ng ngipin sa mga taga-barangay at ang iba naman ay libreng gupit ang ipinagkakaloob

Aktibo ring nakikibahagi sa *caravan* ang butihing maybahay ng gobernador na si Gng. Josie Baning-Tallado na tumutulong maging sa pagbibigay ng libreng gupit, *hair dye* at *hot oil treatment* sa mga taga-barangay.

Nakikipagdaupangpalad din si Gob. Tallado sa kanyang mga kababayan kasama ang kanyang maybahay na si Mam Josie. Dito nila ipinararamdam ang init ng kanilang pagmamahal at pagmamalasakit sa publiko.

Walang barangay na hindi narating ó mararating pa ng *caravan*, sapagkat umulan o umaraw, tumawid man ng ilog o dagat, maalikabok ó maputik man ang daan, sinuong na ito at susuungin pa ni Gob. Tallado at ng kanyang grupo kung kinakailangan. Ito ay upang mapatunayan ng gobernador na tinutupad niya ang kanyang pangako na ilalapit niya sa publiko ang kapitolyo at ang iba't-ibang programa, proyekto at aktibidad nito para lubos na mapaglingkuran ang kanyang mga kababayan.

Narito ang talaan ng mga serbisyong ipinagkakaloob ng grupo ni Gob.

***(Sundan sa pahina 2)***

***Ang tambalaang Egay at Josie Tallado na magkatuwang na isinusulong ang MS Caravan sa Brgy. Roque, Mercedes kung saan nagbigay ng ibat-ibang serbisyo ang mga kawani ng pamahalaang panlalawigan. (Ibaba) Nag bibigay naman ng kanyang lecture si Ms. Annabel Defeo, Provincial Assessor sa mga barangay officials kaugnay ng programa ng pamahalaang panlalawigan ukol sa mga assessment ng lupa at tax mapping nito sa Brgy. Pinya, Labo.***



***San Roque, Mercedes***



***Brgy. Pinya, Labo***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com